MM

# CoC Patnubay ng Pag-uugali

Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon ng Grupo ng MM

# Ang Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon

## Ang Patnubay ng Pag-uugali ng Korporasyon

Mayr-Melnhof Karton AG at ang mga subsidarya nito (ang Grupo ng MM, na mula dito tinutukoy bilang 'MM') ay nakatuon sa responsableng pagpapalakad ng korporasyon na ginagabayan ng mga prinsipyo ng integridad, legalidad, katapatan at kalinawan.

Ang pagtitiwala sa isa't isa bilang batayan ng pag-uunawa ay nagbibigay ng basihan para sa konstruktibong samahan sa loob ng kumpanya at sa mga kaugnayan sa negosyo. Upang hangga't maari ay maabot ang matataas na mga kinakailangan, ang MM ay naglalagay ng matataas na pamantayan sa mga empleyado nito gayundin sa mga kustomer, supplier, tagapagbigay ng serbisyo at iba pang nakakontratang kasamahan sa pamamagitan ng responsableng pag-uugali kabilang na may integridad.

Itong Patnubay ng Pangungugali ng Grupo ng MM ay nagmula sa mga fundamental na prinsipyo ng Grupo ng MM at naaayon eto sa mga pinakaimportanting Prinsipyo ng Kalakalan ng ILO gayundin sa Pamundoang Inisyatibo ng UN, kung saan ang MM ay isang miyembro.

Ang Patnubay na et'o ay isang bina-basehang estruktura at gabay para sa mapapanatili at responsableng panggagawa sa loob at sa mga kasamahan ng Grupo ng MM. Naiintindihan namin ang sustabilidad ayon sa kahulugan ng Agenda 2030 at ng UN Sustainability Goals na nakapaloob dito at para makamat et'o ay  aktibong nag-aambag ang MM. Ang sustableng pag-unlad ay isang sentral na bahagi ng pagkatao, stratehiya at pamamahala sa mga panganib sa negosyo ng grupo ng MM.

**Inaasahan ng Grupo ng MM na ang lahat ng empleyado, kustomer, supplier at iba pang mga kaugnayan sa negosyo nito (na tinatawag dito na 'kami') na ganap na tumupad sa mga sumusunod na mga prinsipyo.**

Kung saan kinakailangan, ang mga sumusunod na prinsipyo ay sinasagawa sa pamamagitan ng mga alituntunin at mga kurso sa pagsasanay na inilalaan upang suportahan at para sa pag-kongkreto ng implementasyon.

## Kalidad

Ang aming mga produkto ay kinakailangang maabot ang mga nakaka-ugnay na legal at pamantayan ng industriya pati na rin ang mataas na inaasahan ng aming mga kustomer tungkol sa patuloy na kalidad at kaligtasan ng produktung pagkain. Sa partikular, mahalagang pangalagaan ang mga kinakailangan kaligtasan ng produktung pagkain habang pinapanatili ang mataas na pamantayan ng kalinisan.

## Pagsunod sa mga batas

Sumusunod kami sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo at sinusunod namin ang kani-kanilang mga estandardo, mga pamantayan ng pag-uugali at kung nakakarapat-dapat, mga pangakong boluntaryo.

## Pahayag tungkol sa Polisiya ng Karapatang Pantao

Kami ay nangangako na itaguyod at igalang ang mga karapatang pantao sa buong linya ng aming suplay at tinatanggihan ang anumang uri ng trabahong sapilitan at may diskriminasyon sa loob ng aming sariling kumpanya at kabilang na rin sa aming mga kaugnayan sa negosyo.

Ang pananagutan tungkol sa pagsunod sa mga karapatang pantao ay nasa dalawang departamento. Ang mga panloob na paksa (mga empleyado) ay responsibilidad ng Grupong HR,samantalang ang Grupong Sustainability ay responsable sa pagpapasunod ng mga karapatang pantao sa linya ng aming suplay. Ang parehong departamento ay nagpapatupad ng mga aktibidad at mga hakbang sa buong kompanya para sa pagsunod ng mga karapatang pantao.

Patuloy na sinusuri ng Grupong MM  ang linya ng aming suplay tungkol sa (potensyal) ng mga paglabag sa karapatang pantao nito. Sa kaso ng mga paglalabag, mabilis at naka-target ang mga hakbang na maaaring gawin upang tuloy na mabawasan ang panganib ng paglabag ng karapatang pantao sa mga parating na panahon.

## Child labor

Tinatanggihan namin ang pagpapatrabaho ng mga bata sa aming sariling kumpanya at sa aming mga kaugnayan namin sa negosyo kahit ano pa man ang mag lokal batas tungkol dito. Bilang pinakamababang pamantayan, ay ginagabayan kami ng internasyonal na mga pamantayan (sa partikular na ILO Convention C 138 at C 182) at sinisigurado namin na ang aming mga empleyado ay nasa tamang edad na iniaatas ng batas.

## Paggalang sa isa't isa, Pantay na Pagtratrato, Pagtataguyod ng Pagkakaiba-iba ng mga Pagkatao

Ipinangako namin sa aming sarili ang paglikha ng isang kapaligiran ng pinagtatrabahoan sa kabuuan ng aming grupo ng mga kumpanya na binabase sa pamamagitan ng katapatan at paggalang sa isa't isa. Nakikita namin ang pagkakaiba-iba ng aming mga empleyado na bilang isang mahalagang mapagkukunan ng kaalaman at isang makakatulong sa pagsagawa ng aming mga gawain na mas malikhain at mas mahusay. Tinututulan namin ang anumang klase ng diskriminasyon at pangaapi dahil sa kasarian, lahi, balat, relihiyon, edad, bansa o etnikong pinagmulan, kapansanan, o sekswal na oryentasyon.

Ang mga empleyado at aplikante ay tinatasa alinsunod sa prinsipyo ng pantay na pantay na pagtrato.

## Pagpa-unlad ng empleyado

Sistematikong pinauunlad namin ang potensyal ng aming mga empleyado para sa kinabukasan ng aming kumpanya. Sa paggawa nito, binibigyang-pansin namin ang pagsasanay ng propesyonal gayundin ang mga kakayahan na may kaugnayan sa lipunan at personalidad.

## Pakikipag-ugnayan sa mga Empleyado at mga Representante nito

Iginagalang namin ang mga karapatan ng aming mga empleyado sa malayang pagsasamahan. Nagsusumikap kami para maangkip ang isang pangmatagalang konstruktibong diyalogo sa mga empleyado at sa mga representante nito.

## Mga Oras ng Trabaho at Sahod

Sinusunod namin ang mga naaangkop na regulasyon sa mga oras ng trabaho sa lahat ng kumpanya ng aming Grupo. Kinikilala namin ang karapatan ng aming mga empleyado sa tapat na sahod at sumunod kami sa mga legal na kinakailangan ng kani-kanilang bansa.

## Kalusugan at Kaligtasan

Tinataguyod namin ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay ng ligtas at maayos na kapaligiran sa trabaho. Ang mga naaangkop na pamantayan para sa maayos at ligtas na lugar ng trabaho ay sinusunod namin. Ang aming layunin ay tuloy na mapabuti ang maayos at ligtas na lugar ng trabaho sa pamamagitan ng mga hakbang na tulad ng tuloy-tuloy na pagsusuri at pagsasanay.

## Droga, Alkohol

Inaasahan namin na isagawa ng aming mga empleyado ang kanilang trabaho at mga desisyon nang tama at nang walang anumang implowensya ng alkohol o droga.

Ang prinsipyong ito ay para sa magandang kabutihan, kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado, partikular na sa pag-iwas sa mga aksidente sa trabaho, gayundin para sa  produktibidad ng kumpanya.

## Mga Salungatan ng mga Interes, Paglaban sa Korupsyon

Mahigpit naming inihiwalay ang mga interes ng korporasyon sa mga pribadong interes. Layunin naming maiwasan ang kahit na lamang kamukha ng isang pagkasalungat ng mga interes. Gumagawa kami ng mga desisyon batay sa resonableng konsiderasyon ng ekonomiya alinsunod sa mga batas at pamantayan. Sa aming mga karelasyon sa negosyo, palagi kaming kumikilos nang perpekto na nakatutok sa mga nauukulang regulasyon laban sa katiwalian, panunuhol, pandaraya, at paghuhugas ng pera. Kami ay nangangako na hindi tumatanggap ng anumang mga regalo o pabuya na maaaring makahantong sa isang salungatan ng interes. Walang mga suhol o anumang iba pang bayaran na labag sa batas o benepisyong pinansyal na maaaring tanggapin, ihandog o bayaran.

Ang mga benepisyo na tinatanggap, inaalok o ibigay ng ating mga empleyado - direkta o indirekta - sa pagsasagawa ng kanilang mga aktibidad sa negosyo ay dapat lang na et’o yung kinakasanayan, tulad ng nakasanay ng mabuting pakikitungo at mga kapulungan, pati na rin ang mga regalo na kailangang mababa lang ang mga halaga.

## Kumpetisyon, Pag-uugali sa Pinag-nenegosyohan

Nangangako kami sa hindi pagbabawal, patas na kompetisyon sa aming mga kakumpitensya, mga kasamahan sa negosyo, at iba pang kalahok sa aming pinag-nenegosyohan. Sumusunod kami sa mga batas laban sa pagpigil ng kompetisyon ng lahat ng mga bansa kung saan kami nagnenegosyo.

Ipinagbabawal namin na walang ehemsyon ang mga kasunduan sa mga kakumpitensya at mga pagkukunsabo ng gawi na may layunin o epekto sa paghihigpit o pagpipigil ng kompetisyon.

Pagkikipagtulungan sa mga asosasyon at ang pakikilahok sa kanilang mga kaganapan ay dapat nagagawa lamang na may lehitimong dahilan. Ang anumang pagkukumpara sa mga kakumpitensya o pagpapalitan ng impormasyon ay dapat alinsunod sa mga naaangkop na batas.

## Mga Basihan/Mga Ulat

Para sa pag-uulat ng mga paglabag sa mga probisyon nitong Patnubay ng Korporasyon, mga iba pang internal na mga alituntunin at regulasyon ng Grupo ng MM o mga legal na kinakailangan, ay meroon ng isang naitatag na pagda-daanan na binatay sa mga sa legal na tuntunin (sa particular ang Direktiba ng (EU) 2019/1937) (https://mmgroup.integrityline.com). Ang mga ulat at mga sumbong tungkol sa mga naturang paglabag ay maingat na iniimbestigahan na alinsunod sa mga legal na tuntunin. Ang proteksyon ng mga nagbibigay ng impormasyon ay ginagarantiyahan; ang mga paghihiganti laban sa mga empleyado at ibang tao na nagtuturo ng mga paglabag ay hindi hinihintulutan.

## Teknolohiya ng Impormasyon at Proteksyon ng Data

Nagbibigay kami ng malaking kahalagahan sa legal at etikal na paggamit ng mga sistema ng impormasyon at nagbibigay ng partikular na kahalagahan sa seguridad ng IT. Ang lahat ng empleyado ay kinakailangang regular na gamitin ang lahat ng magagamit na mga hakbang sa seguridad ng IT upang protektahan ang data at impormasyon.

Ang proteksyon ng personal na impormasyon ng mga empleyado, kustomer, supplier at iba pang mga kasamahan sa negosyo ay sinisiguro ng organisasyong teknikal at tagapagbantay.
Ang pagproseso ng personal na impormasyon ay ekslusibong pina-pasunod sa mga tuntunin ng regulasyon tungkol sa proteksyon ng impormasyon.

## Responsibilidad na Ekolohiya

Bilang aming responsibilidad ay tinitingnan naming na isang aktibong kumpanya sa buong mundo, na hangga't maari ay aming panatilihin ang pinakababa na ekolohikal na epekto ng aming sariling mga aktibidad sa negosyo, na mas itaas at higit pa sa pinakamababang legal na pamantayan. Ang aming layunin ay lumikha ng positibong dagdag para sa kalikasan at lipunan sa pamamagitan ng mga sustinableng produkto. Upang makamit ito, binabawasan namin ang mga negatibong epekto ng aming mga prosesong panloob at sa buong linya ng aming suplay.

## Mga Kasama sa Negosyo

Inaasahan namin na ang aming mga kasama sa negosyo ay palaging sumusunod sa lahat ng mga legal na regulasyon at mga pamantayan ng industriya sa kanilang pakikipagsama sa amin at hinihikayat silang ipatupad at ilapat kung saan possible ang mga kaparehong prinsipyo ng responsibilidad.

Ang Kapulungan ng Namamahala ng Mayr-Melnhof Karton AG

**Mag Legal na Paunawa**

Ang Patnubay ng Pag-uugali na ito ay naglalaman ng mag fundamental na pag-iisip ng Grupo ng MM. Gayunpaman, hindi ito iintindihin na maging batayan para sa paghingi ng isang partikular na uri ng pag-uugali mula sa Grupo ng MM o para sa pagsagawa ng mga kontrakwal na paghahabol laban sa kumpanya.

**Linya ng Integridad ng MM**

Kung meron kayong makitang maling pag-uugali o hindi pagsunod sa Patnubay ng Pag-uugali na ito o pag-uugali na labag sa batas na nakaka-tungkol sa Grupo ng MM o sa kapakanan ng mga empleyado ng Grupo ng MM, ay hinihiling namin kayo na iulat ito sa pamamagitan ng Linya ng Integridad ng MM (na hindi nagpapakilala, kung nais mo): https://mmgroup.integrityline.com

**Kung meron kayong anumang mga katanungan**

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa Patnubay Pag-uugali na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:
coc@mm.group

February 2023